## COMMISSION ON DISABILITY (COD)

Ang COD ay itinatag noong 1989 bilang pagkilala sa pagtuon ng Lungsod sa pantay-pantay na mga pagkakataon at pagbibigay ng mga serbisyo ng munisipyo nang hanggang abot ng makakaya sa lahat ng taong may mga kapansanan. Ang COD ay nagtataguyod ng mga taong may kapansanan at nag-iimbestiga sa mga isyu ng hindi pagsunod sa ADA, nagdaraos ng mga pampublikong pagdinig sa mga kritikal na isyu, tinutukoy ang mga priyoridad na isyu na dapat tugunan, at gumagawa ng mga rekomendasyon sa Alkalde at Konseho ng Lungsod (City Council). Nagpupulong ang COD tuwing ikalawang Miyerkules ng bawat buwan. Maaaring makakuha ng iskedyul ng pagpupulong, mga agenda, at detalye ng pulong (minutes) sa disability.lacity.org/about/commission-disability.

## PARA SA MGA DETALYE, MAKIPAG-UGNAYAN SA:


Lungsod ng Los Angeles, Department on Disability

201 North Figueroa Street, Suite 100
Los Angeles, CA 90012
E-mail: DOD.Contact@lacity.org
Telepono (213) 202-2764
TTY (213) 202-3452
FAX (213) 202-2715


*Bilang nasasakop na entidad sa ilalim ng Title II of the Americans with Disabilities Act, ang Lungsod of Los Angeles ay hindi nagdidiskrimina batay sa kapansanan at, kapag hiniling, ay magbibigay ng makatwirang akomodasyon upang matiyak ang pantay na pagkakaroon ng mga programa, serbisyo at aktibidad nito.*

LUNGSOD NG LOS ANGELES

# DEPARTMENT ON DISABILITY

EQUITY SA PAMAMAGITAN NG ACCESS

Ang Department on Disability, sa ngalan ng lungsod ng Los Angeles, ay nakatuon sa pagtiyak ng ganap na pagkakaroon ng access sa trabaho, mga programa, pasilidad at serbisyo; sa pamamagitan ng estratehikong pamamahala at edukasyon sa pakikipagpareha, adbokasiya, pagsasanay, pananaliksik at pinabuting paghahatid ng serbisyo; para sa kapakinabangan ng mga taong may kapansanan, mga tagapaglaan ng mahahalagang mapagkukunan at mga gumagawa ng patakaran (policymakers).

## DEPARTMENT ON DISABILITY

Noong taong 1990, lubos na pinalawak ang mga proteksyon sa karapatang sibil para sa mga taong may kapansanan ng Americans with Disabilities Act (ADA). Parehong nag-aatas ang ADA at ang Rehabilitation Act of 1973 sa mga lokal na pamahalaan na magbigay ng aksesibilidad sa mga pampublikong akomodasyon kabilang ang pampublikong sektor ng trabaho, mga gusali, pasilidad, programa, serbisyong panlipunan, at transportasyon.

Isang tanggapan para sa may kapansanan ang nilikha sa Tanggapan ng Alkalde (Mayor's Office) noong 1975 bilang tugon sa Rehabilitation Act of 1973, at noong 1998, pinangalanang Department on Disability (DOD) ng Mayor at City Council bilang kauna-unahang departamento ng Lungsod na may ganitong uri sa buong bansa.

Ang DOD ay nakatuon sa pagtiyak na ganap na naaabot ang mga serbisyo para sa pagtatrabaho, programa, pasilidad, at iba pang serbisyo. Matutulungan ka ng departamento na mag-navigate sa mga programa ng City tulad ng Accessible Parking Zones (Blue Curb Program) at Access Request Program. Ang mga serbisyo ay kinabibilangan din ng Durable Medical Equipment (DME) Program, Disability Mediation Program, Emergency Preparedness Program, at Auxiliary Aids and Services.

## MGA MAKATWIRANG AKOMODASYON

Ang mga serbisyo ng Sign Language Interpreters (SLI), Communication Access Real-Time Transcription (CART), materyales sa alternatibong mga format, at iba pang akomodasyon ay maaaring ibigay kapag hiniling. Para humiling ng mga serbisyo ng SLI at/o CART para sa itinataguyod ng Lungsod ng LA na kaganapan (event) o pagpupulong, bumisita sa disability.lacity.org/requesting-sli-cart-services at isumite ang online form. Kailangang ng Departamento ng limang (5) araw na may trabaho para maproseso ang bawat kahilingan para sa SLI at CART.

### MGA SANGAY

Ang DOD ay binubuo ng limang sangay at isang Commission na naglilingkod sa Angelenos, Mga Halal na Opisyal at Departamento, at sa Lungsod ng Los Angeles (City of Los Angeles).

### DIBISYON NG MGA SERBISYO SA PAG ACCESS SA KAPANSANAN (DISABILITY ACCESS SERVICES DIVISION (DASD))

Pinag-uugnay at sinusubaybayan ng DOD ang pagsunod ng Lungsod sa ADA, at sa Rehabilitation Act of 1973.

Ang DASD ay nagbibigay ng malawak na hanay ng mga serbisyo na kinabibilangan ng:

- Pagtitiyak na ang lahat ng programa, serbisyo, aktibidad, at pasilidad ng Lungsod ng Los Angeles ay naaabot ng mga taong may kapansanan;
- Pagbibigay ng makatwirang akomodasyon o kaluwagan sa lugar ng trabaho para sa mga empleyado ng Lungsod na may mga kapansanan;
- Pagbibigay ng mga makatwirang akomodasyon sa mga taong may kapansanan na gumagamit ng mga programa, serbisyo, at pasilidad ng Lungsod;
- Pagtataguyod para sa mga taong may kapansanan na nahaharap sa pagtratong may diskriminasyon;
- Pagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga karapatan at obligasyon ng mga taong mayroong hayop para sa serbisyo at emosyonal na suporta;
- Pagbibigay ng pangkalahatang impormasyon sa mga karapatan at obligasyon ng nagpapaupa at nangungupahan sa ilalim ng batas ng patas na pabahay;
- Pakikipag-ugnayan at pagtuturo sa paghahanda at pagtugon sa emerhensiya upang mapabuti ang katatagan ng mga taong may mga kapansanan; at
- Nag-aalok ng mga pagsusuri sa aksesibilidad ng nakaplano o kasalukuyang mga pasilidad, at ang nakaplano o kasaluyang mga programa, serbisyo, at aktibidad na isinasagawa sa loob ng mga ito.
- Sinusuportahan ang maliliit na entidad ng negosyo sa pamamagitan ng pagbibigay ng gabay sa aksesibilidad para sa mga pisikal na tampok (feature) at serbisyong inaalok.
- Bumubuo ng mga opsyon sa akomodasyon at tumutulong sa mga patakarang solusyon para sa mga departamento ng Lungsod kabilang ang para sa mga alalahanin sa panloob na empleyado at sa mga isyu sa serbisyo publiko.

### OUTREACH NG KOMUNIDAD, REFERRAL AT EDUKASYON (COMMUNITY OUTREACH, REFERRAL AND EDUCATION (CORE))

Ang CORE ay lumilikha ng patuloy na pakikipagtulungang mga ugnayan upang isulong ang mga pagsangguni sa mga serbisyong panlipunan na maaaring kabilangan ng, ngunit hindi limitado sa: pabahay, emergency shelter, may aksesibilidad na transportasyon, pagtatrabaho, at pagsasanay sa trabaho. Ang edukasyon ng komunidad, mga event, at mga aktibidad ng outreach ay pinag-uugnay sa buong taon upang ipaalam sa publiko ang mga bagay na may kaugnayan sa kapansanan at mga mapagkukunan upang mapahusay ang independenteng pamumuhay. Dagdag pa rito, ang CORE ay nagbibigay ng tulong sa mga residenteng nangangailangan ng matibay na kagamitang medikal para magamit sa bahay nang walang bayad.

### TANGGAPAN NG COORDINATOR NG AIDS (AIDS COORDINATOR'S OFFICE (ACO))

Ang ACO ay itinatag noong 1989 sa Tanggapan ng Alkalde (Mayor's Office) upang magbigay ng isang magkakaugnay na tugon sa pamamagitan ng pagbuo ng mga estratehiya at mga patakaran para protektahan ang mga taong may HIV/AIDS. Inilipat ito sa DOD noong taong 2000.

Itinatag ng ACO ang Los Angeles bilang unang lungsod sa bansa na bumuo ng isang pinag-ugnay na patakaran upang maiwasan ang pagkalat ng HIV/AIDS at upang protektahan ang mga taong namumuhay nang may HIV/AIDS sa pagtatrabaho sa Lungsod.

Ang mga serbisyo ay kinabibilangan ng:

- Makabagong pananaliksik tungkol sa mga pag-uugali o saloobin sa panganib ng HIV/AIDS, modalidad ng pag-iwas o pagpigil, at mga sosyal / panlipunang kondisyon na nakakaapekto sa kalusugan;
- Pagbuo at pamamahala ng mga kontrata sa mga organisasyong nakabase sa komunidad upang magbigay ng edukasyon at pag-iwas sa HIV/AIDS — kabilang ang pagsusuri sa HIV ang pamamahagi ng mga materyal na pang-edukasyon sa mga grupong nasa mataas na panganib, at pagbabawas ng pinsala sa pamamagitan ng pagpapalitan ng malinis na hiringgilya;
- Paglalaan ng kakayahan sa pagbuo at teknikal na tulong sa mga organisasyon upang mapahusay ang pagkakaloob ng serbisyo;
- Pangangasiwa ng mga seminar at pampublikong forum upang turuan ang komunidad at mga tagapagbigay ng serbisyo sa mga kaugnay na isyu na nakakaapekto sa mga taong may HIV; at
- Pagpapatupad at pamamahala sa patakaran ng Los Angeles tungkol sa AIDS, kabilang ang pagpapayo sa Alkalde sa Sangguniang Panlungsod sa mga isyu tungkol sa AIDS.
- Pro-bono o libreng legal na serbisyo para sa mga indibidwal na may mga kapansanan na walang tirahan o nasa panganib para sa kawalan ng tirahan.

### ACCESSIBLE NA DIBISYON NG KOMUNIKASYON (ACCESSIBLE COMMUNICATIONS DIVISION (ACD))

Ang Accessible Communications Division ay responsable para sa pagpapakalat ng pare-pareho at naaabot na mga mensahe sa print, broadcast, at social media para sa Departamento. Dagdag pa rito, ang sangay na ito ay nagbibigay ng pagsasanay at teknikal na tulong sa digital accessibility at mga pantulong na teknolohiya sa mga opisyal at departamento ng City ayon sa iniaatas ng ADA at Seksyon 508 ng Rehabilitation Act.

### DIBISYON NG MGA SERBISYONG ADMINISTRATIBO (ADMINISTRATIVE SERVICES DIVISION (ASD))

Ang ASD ay nagbibigay ng pangkalahatang pangangasiwa sa DOD. Tinitiyak nito na ang mga operasyon ay organisado, epektibo, at sumusunod sa mga kinakailangan o iniaatas ng City, estado, at pederal. Ito ang division na namamahala at kumokontrol sa pagbuo ng badyet at mga tungkulin ng accounting ng DOD, nagsisilbing liaison o tagapag-ugnay ng personnel department, at nagbibigay ng suportang pang-administratibo para sa Commission on Disability.